# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 9*
# *Pagtupad sa Iyong mga Panata sa Dios*

***“46 At bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi?” (Lucas 6:46)***

Ang mga alagad ni Jesus at ang pagiging Cristiano ay pangako at kahandaan na makinig at sumunod sa Salita ng Diyos upang tanggapin ang mga pangako ng Diyos. Sa paggawa ng tipan sa Diyos ay isang panalangin na kahilingan sa pagtatalaga ng iyong sarili upang sumunod sa Diyos at gawin ang tiyak na bagay para sa KANYA gaya ng pagbibigay-daan Niya sa iyo at gawin kang karapat-dapat upang gawin ang naayon sa Kanyang Salita. Ang pangako upang sumunod kay Cristo ay isang panata. Ang pagtanggap kay Cristo bilang Panginoon sa iyong buhay ay isang panata sa pagsunod sa Kanya at maglingkod sa Kanya. Maraming tumanggap kay Cristo bilang kanilang Panginoon sa kanilang buhay ay nakalimutan nila ang kanilang pangako patungo sa Kanya at iyon ang sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad at kahit sa atin ngayon, ***“46 At bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi?” (Lucas 6:46)***

***At bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi?*** Isang tanong at kailangang sagutin at ipaliwanag nang maayos. Upang sumunod kay Cristo ay ibigin ang iba, at ibigin ang iba ay hindi magkakatotoo maliban na ikaw ay mamuhay sa kabanalan gaya ng mababasa natin sa susunod na Kasulatan, ***“8 Huwag kayong magkautang ng ano pa man sa kanino man, maliban na sa mangagibigan kayo: sapagka't ang umiibig sa kaniyang kapuwa'y nakaganap na ng kautusan. 9Sapagka't ito, Huwag kang mangangalunya, Huwag kang papatay, Huwag kang magnanakaw, Huwag kang mananakim, at kung mayroon pang ibang utos, ay nauuwi sa salitang ito, sa makatuwid baga'y Ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng sa iyong sarili. 10Ang pagibig ay hindi gumagawa ng masama sa kaniyang kapuwa: ang pagibig nga ay siyang katuparan ng kautusan.” (Roma 13:8-10)***

Matutunan natin kung paanong ingatan ang ating panata mula sa buhay ng mga Nazareo: ***“1 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagka ang sinomang lalake o babae ay gagawa ng isang tanging panata, ng panata ng isang Nazareo, upang tumalaga sa Panginoon: 3Ay hihiwalay siya sa alak at sa matapang na inumin; siya'y hindi iinom ng suka ng alak, o tubang nakalalasing, ni iinom man ng anomang katas na galing sa ubas o kakain man ng sariwang ubas o pasas. 4Sa lahat ng araw ng kaniyang pagkatalaga ay hindi siya kakain ng anomang bagay na ibinubunga ng puno ng ubas, magmula sa mga butil hanggang sa balat.5 Sa lahat ng araw ng kaniyang pagkatalaga ay walang pang-ahit na daraan sa ibabaw ng kaniyang ulo: hanggang sa matupad ang mga araw na kaniyang itinalaga sa Panginoon, ay magpapakabanal siya; kaniyang pababayaang humaba ang buhok ng kaniyang ulo.6 Sa lahat ng araw ng kaniyang pagtalaga sa Panginoon, ay huwag siyang lalapit sa patay na katawan. 7Siya'y huwag magpapakarumi sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, o sa kaniyang kapatid na lalake, o babae, pagka sila'y namatay: sapagka't ang pagtalaga niya sa Dios, ay sumasa kaniyang ulo. 8Sa lahat ng araw ng kaniyang pagtalaga, ay banal siya sa Panginoon.” (Bilang 6:1-8)*** Sa pagsunod kay Cristo at pagkuha si Jesus bilang Panginoon sa iyong buhay ay isang panata upang ihiwalay ang iyong sarili mula sa sanglibutan at kumilos at lumakad kasama si Cristo. Ang pagiging Panginoon ni Crsito sa iyong buhay ay upang lumayo sa sanglibutan, lumayo mula sa mga paglalakbay at kasiyahang mga paglalakbay, malayo sa mga kasayahan, malayo mula sa paggastos ng malaki sa laman, malayo mula sa panonood ng mga pelikula, pagiinom, paninigarilyo, panghihiram ng salapi at pagkakaroon ng utang, pakikisalumuha at pakikipag-uganayan sa ibang kasarian sa anyo ng pagsasama ng hindi kasal, panliligaw at pagtatagpo, kasintahang lalaki at kasintahang babae.

Hindi mo masasabi kay Jesus, ‘Panginoon, Panginoon’ ngunit hindi mo ginagawa ang sinasabi ni Jesus sa iyo. Pagsuway sa iyong pangako sa Diyos sa hindi pagbabasa ng Bibliya, hindi pananalangin sa Kanya, sa hindi pagdalo ng pagpupulong sa simbahan at pag-aaral ng Bibliya, sa hindi pagbibigay ng iyong ikapu, unang bunga at ng iyong mga handog, sa hindi pagsusumikap, at panahon sa Kanya, sa hindi pagsuko ng iyong sariling plano, ang lahat ng ito at lahat ng maari mong gawin ay pagsuway sa Kanya at pagsuway ng iyong panata kay Jesus.

Nang sinabi niya ang tungkol sa Nazareo: ***“Sa lahat ng araw ng kaniyang pagkatalaga ay walang pang-ahit na daraan sa ibabaw ng kaniyang ulo: hanggang sa matupad ang mga araw na kaniyang itinalaga sa Panginoon, ay magpapakabanal siya; kaniyang pababayaang humaba ang buhok ng kaniyang ulo.” (Bilang 6:5)*** Upang panatalihing mahaba ang buhok at kahit panatilihin ito sa nakatali sa ulo ay isang dagdag na pasanin at hirap. Sa pagpapanatili sa iyong sariling nakatalaga sa Diyos sa tiyak mga pagkakataon ay kailangan mong magdusa nang higit pa upang masiyahan at mapalugdan ang Diyos. Kapag itinalaga mo ang iyong buhay para sundin si Cristo kailangan mong maging handa na magdusa para sa Kanyang layunin.

Nang kanyang sinabi ang tungkol sa Nazareo: ***"7 Siya'y huwag magpapakarumi sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, o sa kaniyang kapatid na lalake, o babae, pagka sila'y namatay: sapagka't ang pagtalaga niya sa Dios, ay sumasa kaniyang ulo." (Bilang 6:7)*** Upang hindi marumihan ang iyong sarili sa pagkamatay sa iyong ama, ina, kapatid na babae o kapatid na lalaki, nangangahulugang ito na hindi ka dapat sumama sa kanila at sumang-ayon sa kanila kapag sila ay mali. Kahit na sila ay iyong pamilya at malapit sa iyo, ngunit hindi ka dapat manindigan sa kanila at at hindi sumang-ayon sa Diyos. Marami sa kanila ang nawala ang kanilang pagtatalaga at pangako sa Diyos dahil sila ay pumanig sa mga kamag-anak na kadugo at gustong pasiyahin sila sa kanilang mga gawi at tradisyon.

Sinabi ni Pablo sa mga Taga-Corinto, ***"2 Sapagka't ako'y naninibugho tungkol sa inyo ng panibughong ukol sa Dios: sapagka't kayo'y aking pinapagasawa sa isa, upang kayo'y maiharap ko kay Cristo na tulad sa dalagang malinis." (2 Corinto 11:2)*** Ang kanyang punto nang sinabi niya ***upang kayo'y maiharap ko kay Cristo na tulad sa dalagang malinis."*** ang salitang ***isang dalagang malinis***, ay upang maging malinis at hindi madumihan ng sanglibutan. Sinabi din ni Pablo sa kanila, ***"3 Nguni't ako'y natatakot, baka sa anomang paraan, kung paanong si Eva ay nadaya ng ahas sa kaniyang katusuhan, ang inyong walang malay at malinis na mga pagiisip na kay Cristo ay pasamain." (2 Corinto 11:3)*** Ipinahayag niya sa kanila ang kanyang takot na baka tuksuhin sila ni Satanas na magkasala at gumawa ng masama at maging masama at madungisan ng sanglibutan o ng mga kultura at tradisyon na walang kabuluhang gawain.

Sinabi pa ni Jesus sa atin sa Salita ng Diyos, ***"47 Ang bawa't lumalapit sa akin, at pinakikinggan ang aking mga salita, at ginagawa, ituturo ko sa inyo kung sino ang katulad: 48Siya'y tulad sa isang taong nagtatayo ng bahay, na humukay at pinakalalim, at inilagay ang patibayan sa bato: at nang dumating ang isang baha, ay hinampas ng agos ang bahay na yaon, at hindi nakilos; sapagka't natitirik na mabuti.49 Datapuwa't ang dumirinig, at hindi ginagawa, ay tulad sa isang tao na nagtayo ng bahay sa lupa, na walang patibayan; laban sa yaon ay hinampas ng agos, at pagdaka'y nagiba; at malaki ang naging kasiraan ng bahay na yaon." (Lucas 6:47-49)*** Ang tao na iningatan ang kanyang pangako patungo sa Panginoon at tungo sa Kanyang Salita, siya ay pagpapalain at itatag, at maninindigan at matatag na lalaban sa lahat ng gawa ng masama. "***Siya'y tulad sa isang taong nagtatayo ng bahay, na humukay at pinakalalim, at inilagay ang patibayan sa bato: at nang dumating ang isang baha, ay hinampas ng agos ang bahay na yaon, at hindi nakilos; sapagka't natitirik na mabuti." (Lucas 6:48)*** Ngunit ang tao na sumuway sa kanyang pangako at panata sa tungo sa Diyos, siya ay mananagot sa pagkawasak, at lahat ng kanyang gagawin sa paghahangad ng kanyang sariling kalooban, ang lahat ng ito ay maglalaho, "***Datapuwa't ang dumirinig, at hindi ginagawa, ay tulad sa isang tao na nagtayo ng bahay sa lupa, na walang patibayan; laban sa yaon ay hinampas ng agos, at pagdaka'y nagiba; at malaki ang naging kasiraan ng bahay na yaon." (Lucas 6:49)***

Ang kaguluhan na ipapahintulot ng Diyos na mangyari at ipahayag sa iyong buhay ng mga sumuway sa kanilang mga panata at pangko sa Diyos ay katuparan lamang ng Kanyang Salita, ***"4 Pagka ikaw ay nananata ng panata sa Dios, huwag kang magliban ng pagtupad; sapagka't siya'y walang kaligayahan sa mga mangmang: tuparin mo ang iyong ipinanata. 5Maigi nga ang ikaw ay huwag manata, kay sa ikaw ay manata at hindi tumupad. 6Huwag bayaan ang iyong bibig, na papagkasalanin ang iyong laman; at huwag ka mang magsabi sa harap ng anghel, na isang kamalian: bakit nga magagalit ang Dios sa iyong tinig, at sisirain ang gawa ng iyong mga kamay?" (Manunulat 5:4-6)***

Dagdag pang mababasa natin ang tungkol sa mga Nazareo***: "8 Sa lahat ng araw ng kaniyang pagtalaga, ay banal siya sa Panginoon.9 At kung ang sinoman ay biglang mamatay sa kaniyang siping, at mahawa ang ulo ng kaniyang pagkatalaga: ay aahitan nga niya ang kaniyang ulo sa araw ng paglilinis, sa ikapitong araw ay aahitan niya ito. 10At sa ikawalong araw ay magdadala siya ng dalawang batobato o dalawang inakay ng kalapati sa saserdote, sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan. 11At ihahandog ng saserdote ang isa na pinakahandog dahil sa kasalanan, at ang isa'y pinakahandog na susunugin at itutubos sa kaniya, sapagka't siya'y nagkasala dahil sa patay, at babanalin ang kaniyang ulo sa araw ding yaon. 12At itatalaga niya sa Panginoon ang mga araw ng kaniyang pagkatalaga, at siya'y magdadala ng isang korderong lalake ng unang taon na pinakahandog dahil sa pagkakasala: datapuwa't ang mga unang araw ay mawawalan ng kabuluhan, sapagka't ang kaniyang pagkatalaga ay nadumhan." (Bilang 6:8-12)*** Nang ipinata mo ang iyong sarili at ibinigay mo ang iyong buhay sa Diyos, at biglang may nangyari sanhi ng iyong pagkakasala o inilayo ka sa iyong pangako at paghihwalay sa Diyos,ang kailangan mong gawin ay bumalik kaagad sa Diyos, magsisi at magdalamhati sa iyong mga kasalanan at muling ipangako ang iyong sarili na maglingkod sa Kanya. Hindi mo dapat bigyang-daan ang mga kasalanan, kaibigan, kamag-anak, pagsubok, si Satanas at mga demonyo na ilalayo ka sa Diyos at sa iyong pangako sa Kanya.

***"13 At ito ang kautusan tungkol sa Nazareo, pagka natupad na ang mga araw ng kaniyang pagkatalaga: siya'y dadalhin sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan; 14At kaniyang ihahandog ang kaniyang alay sa Panginoon, na isang korderong lalake ng unang taon na walang kapintasan, na pinakahandog na susunugin, at isang korderong babae ng unang taon na walang kapintasan na pinakahandog dahil sa***

***kasalanan at isang tupang lalake na walang kapintasan na pinakahandog tungkol sa kapayapaan, 15At isang bakol na tinapay na walang lebadura, mga munting tinapay ng mainam na harina na hinaluan ng langis at mga manipis na tinapay na walang lebadura na pinahiran ng langis, at ang handog na harina niyaon at ang mga handog na inumin niyaon. 16At ihaharap ng saserdote yaon sa harapan ng Panginoon, at ihahandog ang kaniyang handog dahil sa kasalanan at ang kaniyang handog na susunugin: 17At kaniyang ihahandog sa Panginoon ang tupang lalake na pinaka-hain na handog tungkol sa kapayapaan na kalakip ng bakol ng mga tinapay na walang lebadura: ihahandog din ng saserdote ang handog na harina niyaon at ang handog na inumin niyaon. 18At ang Nazareo ay magaahit ng ulo sa kaniyang pagkatalaga sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan at kaniyang dadamputin ang buhok ng ulo ng kaniyang pagkatalaga at ilalagay sa ibabaw ng apoy na nasa ilalim ng hain na handog tungkol sa kapayapaan. 19At kukunin ng saserdote ang lutong balikat ng tupa, at isang munting tinapay na walang lebadura sa bakol, at isang manipis na tinapay na walang lebadura, at ilalagay sa mga kamay ng Nazareo, pagkatapos na makapagahit ng ulo ng kaniyang pagkatalaga: 20At aalugin ng saserdote na pinakahandog na inalog sa harapan ng Panginoon; ito'y banal sa saserdote, pati ng dibdib na inalog at ng hitang itinaas; at pagkatapos nito'y ang Nazareo ay makaiinom ng alak. 21 Ito ang kautusan tungkol sa Nazareo na nagpanata, at tungkol sa kaniyang alay sa Panginoon dahil sa kaniyang pagtalaga, bukod pa sa aabutin ng kaniyang mga kaya: ayon sa kaniyang panata na kaniyang ipinanata, ay gayon niya dapat gagawin, ayon sa kautusan tungkol sa kaniyang pagkatalaga.” (Bilang 6:13-21)*** Ang talatang ito ay nagsasalita nang detalyado kung ano ang gagawin ng Nazareo kapag natapos na ang panahon ng kanyang pag-aalay sa Diyos. Ang pagsasalapat ng talatang iyon para sa atin sa Bagong Tipan ay nakita natin sa Bersekulo 8 sa Mga BIlang na nagsasabing, ***“8 Sa lahat ng araw ng kaniyang pagtalaga, ay banal siya sa Panginoon.”*** Tayo ay tinawag na mamuhay nang hiwalay sa sanglibutan patungo sa Panginoon at maglingkod sa Kanya hanggang siya ay dumating at kunin o hanggang sa katapusan ng ating buhay sa lupa. Walang bakasyon, katapusan ng linggo, bakasyon o pagreretiro kay Cristo.

***“22 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 23aSalitain mo kay Aaron at sa kaniyang mga anak, na sasabihin, Sa ganitong paraan babasbasan ninyo ang mga anak ni Israel; inyong sasabihin sa kanila:24 Pagpalain ka nawa ng Panginoon at ingatan ka. 25 Paliwanagin nawa ng Panginoon ang kaniyang mukha sa iyo, at mahabag sa iyo:26 Ilingap nawa ng Panginoon ang kaniyang mukha sa iyo, at bigyan ka ng kapayapaan.27 Gayon nila ilalagay ang aking pangalan sa mga anak ni Israel; at aking pagpapalain sila.” (Bilang 6:22-27)*** Inutusan ng Diyos si Moises kung paano pagpalain ang mga Israelita pagkatapos Niyang utusan siya tungkol sa mga tuntunin ng mga Nazarino; samakatuwid sa ganap na pag-aalay, pagpapakabanal at pagtatalaga sa Diyos ay dadaloy mula sa Diyos sa mga ministerio ng Diyos hanggang sa mga nagtalaga ng kanilang sarili upang mamuhay para sa Kanyang dahilan at layunin.

Ang Salitang Nazareo ay may tatlong pangunahing kahulugan sa Kasulatan at tatalakayin natin ang mga kahulugang ito upang maunawaan kung paanong nais ng Diyos na ipamuhay natin ang ating buhay sa Kanya.

***A. Isang Deboto na Nazareo:*** Isang taong na nagbigay ng panata sa Diyos. Tulad ng isasalarawan natin sa ***Bilang 6:2,13, 18-21, “2*** **Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagka ang sinomang lalake o babae ay gagawa ng isang tanging panata, ng panata ng isang Nazareo, upang tumalaga sa Panginoon:13 At ito ang kautusan tungkol sa Nazareo, pagka natupad na ang mga araw ng kaniyang pagkatalaga: siya'y dadalhin sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan;18 At ang Nazareo ay magaahit ng ulo sa kaniyang pagkatalaga sa pintuan ng tabernakulo ng kapisanan at kaniyang dadamputin ang buhok ng ulo ng kaniyang pagkatalaga at ilalagay sa ibabaw ng apoy na nasa ilalim ng hain na handog tungkol sa kapayapaan. 19At kukunin ng saserdote ang lutong balikat ng tupa, at isang munting tinapay na walang lebadura sa bakol, at isang manipis na tinapay na walang lebadura, at ilalagay sa mga kamay ng Nazareo, pagkatapos na makapagahit ng ulo ng kaniyang pagkatalaga: 20At aalugin ng saserdote na pinakahandog na inalog sa harapan ng PANGINOON; ito'y banal sa saserdote, pati ng dibdib na inalog at ng hitang itinaas; at pagkatapos nito'y ang Nazareo ay makaiinom ng alak.21 Ito ang kautusan tungkol sa Nazareo na nagpanata, at tungkol sa kaniyang alay sa PANGINOON dahil sa kaniyang pagtalaga, bukod pa sa aabutin ng kaniyang mga kaya: ayon sa kaniyang panata na kaniyang ipinanata, ay gayon niya dapat gagawin, ayon sa kautusan tungkol sa kaniyang pagkatalaga.”**

At iyon ay katulad sa isinalarawan sa kaugnayan ni Samson na Nazareo na deboto sa Panginoon gaya mababasa natin sa ***Hukom 13:5,7 “5 Sapagka't, narito, ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang lalake; at walang pangahit na daraan sa kaniyang ulo: sapagka't ang bata ay magiging Nazareo sa Dios, mula sa tiyan: at kaniyang pasisimulang iligtas ang Israel sa kamay ng mga Filisteo.7 Nguni't sinabi niya sa akin, Narito, ikaw ay maglilihi, at manganganak ng isang lalake; at ngayo'y huwag kang uminom ng alak o ng inuming nakalalasing man, at huwag kang kumain ng anomang maruming bagay: sapagka't ang bata'y magiging Nazareo sa Dios mula sa tiyan hanggang sa araw ng kaniyang kamatayan.”*** At sa ***Hukom 16:17*** **“At isinaysay niya sa kaniya ang kaniyang buong taglayin sa kaniyang puso, at sinabi sa kaniya, Walang pangahit na nagdaan sa aking ulo; sapagka't ako'y naging Nazareo sa Dios mula sa tiyan ng aking ina: kung ako'y ahitan, hihiwalay nga sa akin ang aking lakas, at ako'y hihina, at magiging gaya ng alinmang**

**tao."** Ang Nazareo ay inilarawan bilang kahanga-hangang larawan sa kanilang pagtatalaga sa Diyos, ***"Ang kaniyang mga mahal na tao ay lalong malinis kay sa nieve, mga lalong maputi kay sa gatas; sila'y lalong mapula sa katawan kay sa mga rubi, ang kanilang kinis ay parang zafiro." (Panaghoy 4:7)*** Upang maging isang Nazareo, ay isang kahanga-hangang bagay, Sa gayon gawin ang lahat ng iyong makakaya upang panatilihin ang iyong sarili na deboto at nakatuon sa Diyos.

Ngunit mababasa din natin kung paanong ang mga taong tumalikod ay pinasama ang Nazareo, ***"11 At nagbangon ako sa inyong mga anak ng mga propeta, at sa inyong mga binata ng mga Nazareo. Di baga gayon, Oh kayong mga anak ng Israel? sabi ng Panginoon.12 Nguni't binigyan ninyo ang mga Nazareo ng alak na maiinom, at inutusan ninyo ang mga propeta, na sinasabi, Huwag kayong manganghuhula." (Amos 2:11-12)*** Sa gayon maging maingat at huwag pahintulutan ang mga tao (mga kaibigan, kamag-anak, lalaki o babae, atbp) na hilahin ka palayo mula sa pagtatalaga sa Diyos.

***B. Pinabanal at isang itinalaga:*** Mayroong dalawang banal na kasulatan sa Genesis at Deutronomio ay iniugnay sa buhay ni Jose na pinag-usig at kinasuklaman ng kanyang mga kapatod na nanaghili sa kanya**.** ***"Ang mga basbas ng iyong ama na humigit sa basbas ng aking mga kanunuan Hanggang sa wakas ng mga burol na walang hanggan: Mangapapasa ulo ni Jose, At sa tuktok ng ulo niya na bukod tangi sa kaniyang mga kapatid." (Genesis 49:26) "At sa mga mahalagang bagay ng lupa at ng kapunuan niyaon, At ang mabuting kalooban niyaong tumahan sa mababang punong kahoy: Sumaulo nawa ni Jose ang kapalaran, At sa tuktok ng ulo niya na hiwalay sa kaniyang mga kapatid." (Deutronomio 33:16)*** Si Jose ay nahiwalay sa kanyang mga kapatid. Tiniis niya ang mga pagsubok at mga pag-uusig na kanyang pinagdaanan mula sa kanyang mga kapatid at malugod niyang tinanggap ang gawaing iyon ng Diyos upang ang kanyang mga kapatid ay maligtas. Sa iyong pamumuhay sa Diyos, ikaw ay uusigin para sa kapakanan ng katuwiran, maging sa iyong mga kapatid kay Cristo, dahil ayaw nilang malantad at harapin ang kanilang mga kasalanan, kamunduhan, at kasamaan. Sa iyong katawagan sa Diyos ay maari kang insultuhin at isantabi at ihiwalay ngunit kailangan mong tiisin iyon hanggang sa dumaloy sa iyo ang kaligtasan ng Diyos sa buhay ng mga tao sa iyong paligid maging sa mga napopoot sa iyo, ay iyon ay magaganap kapag ikaw at nagtiis, sa iyon pagtatalaga.

***C. Hindi nakapon o hindi pinutol (ubas): "At sinalita ng Panginoon kay Moises sa bundok ng Sinai, na sinasabi, 2Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagpasok ninyo sa lupain na ibibigay ko sa inyo, ay mangingilin ng isang sabbath sa Panginoon ang lupain. 3Anim na taong hahasikan mo ang iyong bukid, at anim na taong kakapunin mo ang iyong ubasan, at titipunin mo ang bunga ng mga iyan; 4Datapuwa't sa ikapitong taon ay magiging sabbath na takdang kapahingahan sa lupain, sabbath sa Panginoon: huwag mong hahasikan ang iyong bukid, ni kakapunin ang iyong ubasan. 5Yaong tumubo sa sarili sa iyong inaanihan ay huwag mong aanihin, at ang mga ubas ng iyong ubasan na hindi nakapon ay huwag mong titipunin: magiging taong takdang kapahingahan sa lupain." (Levitico 25:1-5)*** Ang mga Israelita ay inutusan sa ikapitong taon, ang taon ng Sabbath, na hindi sila maghahasik ng bukid o magtatabas ng ubasan, ni mag-aani man, ni magpipisan ng mga ubas. Panatilihin nilang hindi nakapon ang kanilang baging. Sa parehong paraan, Bahagi ng iyong pagtatalaga sa Diyos, na ikaw ay hindi mahirap gamitin at makakuha ng benepisyo ng ilang mga pagpapala at materyal na bagay sa buhay dahil itinakda mo ang iyong buhay upang sundin ang Diyos at gamitin ang Kanyang mga simulain sa iyong buhay. Ngunit dapat mo ring mapagtanto at maniwala na gagantimpalaan ka ng Diyos sa lahat ng iyong sakripisyo at pagdurusa sa Diyos.

***Sa aking mahal at minamahala: "Manata ka at tuparin mo sa Panginoon mong Dios: magdala ng mga kaloob sa kaniya na marapat katakutan, yaong lahat na nangasa buong palibot niya." (Awit 76:11)*** Ito ay panahon para suriin mo ang iyong sarili at bumalik sa Diyos sa pagsisisi. Tumalikod sa kasalanan at isipin kung ano ang mangyayari sa iyong buhay at ang mga pagsubok na iyong pinagdaraanan. Nalulugod ba ang Diyos sa iyo? Inilalapat mo ba ang pinag-aaralan natin sa iyong buhay? Malayo ka ba sa ating tinalakay at nabigo ka sa pagtupad sa iyong ipinangako sa Diyos? Ang mensahe na iyong narinig ay ipinapaalam sa iyo kung ano ang nais ng Diyos mula sa iyo. Bumalik sa Diyos habang pinapaalalahanan ka Niya na bumalik sa Kanya, pagsisihan ang iyong mga kasalanan at muling ipangako ang iyong sarili sa Diyos alinsunod sa simulain ng Kanyang Salita, at gawin ang mga bagay na sinabi ni Jesus.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos, ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon patawarin moa ko sa hindi pagtupad ng aking ipinangako sa iyo*___________________________________.

*Panginoon ako'y nagsisisi sa kamunduhan at sa mga sumusunod na mga kasalanan,*________________________________________________.

*Panginoon, sa araw na ito, muling kong ipinapangako ang aking sarili na itama ang mga bagay at gawin ang ipinangako ng aking sarili na gawin alinsunod sa iyong Salita at mga alintuntunin.*

*Panginoon itaas mo ako ng iyong mga biyaya, bigyan ako ng kalakasan at ibigay ang aking pangangailangan upang patuloy akong maglingkod sa iyo at mabuhay para sa iyo.*

*Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at handang bumalik sa iyo upang tuparin ang kanilang panata at ipanumbalik ang kanilang pangako. Panginoon panumbalikin sila ng iyong biyaya at muling buuin sila sa iyong salita at ibigay sa kanila ang kinakailangan upang muli silang magsimulang maglingkod sa iyo at maging mabunga.*

*Panginooon pagpalain ang iyong simbahan at tulungan ang bawat nangakong kasapi upang magebanghelyo at gumawa ng mga alagad at dalhin sila sa iyong paanan. Panginoon ako'y nanalangin paraa sa higit pang mga lugar na mabuksan sa pamamagitan ng Ebanghelyo ni Jesus. Panginoon ipinapanalangin ko na ang mga tao'y maakit sa iyo sa pamamagitan ng aming mabuting halimbawa at ang paraang kami'y nabubuhay para sa iyo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com